Simple N Informative

SNIPPET

Parent-to-Parent
Education Tools

# Pag-navigate ng EI sa Illinois

## Mga Sanggunian:

IDHS - Maagang Interbensyon

Lahat ng tungkol sa EI

Tagahanap ng Opisina ng EI

**Ano ang dapat asahan sa Maagang Interbensyon (EI, akronim nito sa Ingles) sa Illinois para sa mga batang bingi/mahina ang pandinig?**

- Ang EI Program ay tumutulong sa mga eligible na sanggol at maliliit na bata mula kapanganakan hanggang 3 taong gulang na may mga kapansanan o pagkaantala upang matuto at lumaki.
- Maaaring i-refer ng sinuman ang isang pamilya sa EI Program, halimbawa, maaaring i-refer ng isang propesyonal sa medisina ang isang pamilya sa EI, o maaaring direktang kontakin ng isang pamilya ang kanilang lokal na tanggapan ng Child and Family Connections (CFC) upang humiling ng ebalwasyon.
- Mayroong 25 opisina ng CFC sa estado ng Illinois, at bawat isa ay may numero batay sa lokasyon. Matatagpuan ang mga lokasyon sa www.dhs.state.il.us.
- Sa sandaling tumawag ka sa iyong lokal na CFC o natanggap nila ang iyong referral, may itatalaga sa iyo na isang coordinator ng serbisyo na makikipagpulong sa iyo upang magkaroon ng isang pulong sa pagtanggap upang pag-usapan ang iyong mga alalahanin para sa iyong anak at kumpletuhin ang mga kinakailangang papeles.
- Pagkatapos ng pulong sa pagtanggap sa coordinator ng serbisyo, pipili ka ng dalawang provider sa grupo na kukumpleto ng mga ebalwasyon at/o pagtatasa ng progreso ng iyong anak, sa iyong pahintulot.
- Ang lahat ng mga bata na bingi/mahina ang pandinig (d/hh, akronim nito sa Ingles) ay eligible na maging kwalipikado para sa mga serbisyo ng Maagang Interbensyon [Early Intervention] kung ang pagkawala ng pandinig ng bata ay nakakatugon sa pagiging medikal na eligible sa EI, mula kapanganakan hanggang edad 3, anuman ang antas o uri ng pagkawala. Gayunpaman, kung awtomatikong eligible, kailangan pa ring kumpletuhin ng mga bata ang paglahok sa isang pagtatasa upang matulungan ang grupo na mas maunawaan ang mga indibidwal na pangangailangan ng iyong anak.
- Pagkatapos matukoy ang pagiging eligible, tutukuyin ng EI team (na kinabibilangan ng mga magulang) kung aling mga serbisyo ang kailangan para sa bawat indibidwal na bata at kung gaano kadalas pati na rin kung sinong propesyonal ang magtuturo sa pamilya sa pagpapatupad ng mga estratehiya na binuo ng grupo sa pamamagitan ng pagbuo ng isang Individualized Family Service Plan o IFSP.
- Maaaring kailanganin ng ilang pamilya na gamitin ang kanilang pribadong insurance na pangkalusugan para sa mga serbisyo depende sa uri ng saklaw ng insurance ng pamilya.
- Maraming mga bata na bingi/mahina ang pandinig ay maaaring makatanggap ng developmental therapy-hearing services, at/o speech therapy o mga serbisyo sa rehabilitasyon ng pandinig.
- Ang EI Program ay maaari ding magbigay ng tulong para sa Hearing Assistive Technology na mga aparato na maaaring kabilang ang (mga) hearing aid, bone conduction sound processor na may softband, dispensing fee, earmolds, pediatric care kit at mga baterya. Ang karagdagang pagsusuri sa pandinig tulad ng mga pagsusuri sa hearing aid at mga ebalwasyon at pagtatasa ay makukuha rin sa pamamagitan ng EI Program.

11.23 EI in IL

ANG PROYEKTONG ITO AY SUPORTADO NG EARLY HEARING DETECTION AND INTERVENTION PROGRAM NG ILLINOIS DEPARTMENT OF PUBLIC HEALTH AT NG PREVENTIVE HEALTH AND HEALTH SERVICES (PHHS) BLOCK GRANT NG CENTERS FOR DISEASE CONTROL AND PREVENTION, AT ANG MGA NILALAMAN NITO AY RESPONSIBILIDAD LAMANG NG MGA MAY-AKDA AT HINDI SUMASALAMIN SA MGA PANANAW NG PINAGMUMULAN NG PONDO.